# 6 Pag-asa na Nagsasalita

---

## Panimula

*May misyon ba ako?*

Bawat tao ay may layunin sa plano ng Diyos. Sinasabi sa atin ng Biblia na ibahagi ang mensahe ng pag-asa at pagliligtas sa buong mundo—lalo na sa panahon natin ngayon. Ipinapaalala ng Tatlong Mensahe ng mga Anghel na ang pag-ibig ng Diyos ay para sa lahat at maikli na lang ang panahon.

Ang pagbabahagi ng pag-asang ito ay hindi nangangailangan ng entablado o mikropono. Nagsisimula ito sa pamumuhay ayon sa katotohanan ng Diyos araw-araw—sa pamamagitan ng kabutihan, mga salitang nagbibigay-lakas ng loob, at pagiging tapat sa Kanyang Salita. Tinatawagan ng Diyos ang mga ordinaryong tao para gumawa ng mga pambihirang bagay sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan. Bawat isa sa atin ay may bahagi sa gawain ng pagliligtas.

Si Jesus—ang ating Pag-asa—ang tumatawag sa atin upang ibahagi ang Kanyang pag-ibig sa mundo.

- Araw-araw, milyon-milyong mga tao ang nagpo-post online—nagbabahagi ng kanilang mga iniisip, karanasan, at opinyon.
- May mga mensaheng nakakapagbigay-inspirasyon, may mga nanlilinlang, at marami ang umaagaw ng atensyon sa tunay na mahalaga.
- Ayon sa isang survey ng Stratbase Group na inilathala ng Philippine Daily Inquirer noong Marso 13, 2025, 59% ng mga Pilipinong sumagot ay naniniwalang seryoso ang problema ng fake news sa internet at social media tulad ng Facebook, X (dating Twitter), at YouTube.
- Tinanong din sa survey kung gaano kahusay ang mga Pilipino sa pagkilala ng fake news. Lumabas na 65% ang nagsabing mahirap matukoy kung ang balitang napanood, narinig, o nabasa nila sa TV, radyo, o social media ay totoo o mali.
- Pero may isang balita sa mga huling araw na kailangang marinig ng lahat—ang huling panawagan ng Diyos sa tao na matatagpuan sa Apocalipsis 14.
- Ang mensaheng ito ay hindi tungkol sa takot, kundi tungkol sa pag-ibig, katotohanan, at ang agarang pangangailangan na bumalik sa Diyos.
- Bilang mga tagasunod ni Jesus, tinatawag tayo na ibahagi ang katotohanang ito habang namumuhay nang naiiba sa sanlibutan.

## Pagtalakay

Sa Apocalipsis 14, binanggit ang mga mensaheng ito—bakit ito mahalaga at paano natin maibabahagi sa iba? Masusing sundan. . .

### Unang Anghel: Sambahin ang Diyos, Hindi ang Sanlibutan (Apocalipsis 14:6-7)

**Ano ang mensahe?**

- Tinatawagan ng Diyos ang buong mundo na sambahin Siya bilang Manlalalang at mamuhay nang buhay na nagbibigay karangalan sa Kanya.
- Inaanyayahan Niya tayong matakot (igalang) Siya at bigyang papuri—gawin Siyang sentro ng ating buhay.

**Bakit ito mahalaga?**

- Itinuturo ng mundo na mabuhay at unahin ang sarili—maghangad ng pera, katanyagan, at kalayawan.
- Ang pagsamba sa Diyos ay pagtanggi sa mga walang laman na pangako ng mundo at pagpili na mamuhay ayon sa Kanyang katotohanan.
- Ang Sabbath ay tanda na tayo ay sa Kanya—tayo ay ibinukod, nagpapaalala na magpahinga tayo sa Kanya sa halip na habulin ang mga bagay sa mundo.

**Paano natin ito maibabahagi?**

- Sa pamamagitan ng pamumuhay na nagbibigay karangalan sa Diyos—pinipili ang katapatan kaysa kompromiso, pananampalataya kaysa takot, at kapahingahan sa Diyos kaysa sa walang tigil na kabisihan.
- Sa pamamagitan ng pagiging ilaw sa social media at sa araw-araw na buhay, itinuturo natin sa iba ang kagalakan ng pagsamba sa Diyos.

**Insights**

Sinabi ni Jesus sa Juan 17:15-17, "Hindi ko hinihiling na alisin Mo sila sa sanlibutan, kundi ingatan Mo sila mula sa masama. . . Pakabanalin Mo sila sa pamamagitan ng Iyong katotohanan; ang Iyong salita ay katotohanan."

- Tinatawag tayong mamuhay sa mundo ngunit hindi magpasakop dito.
- Ang tunay na pagsamba sa Diyos ay ay nangangahulugang hinahayaan nating hubugin ng Kanyang Salita ang ating pag-iisip, pagkilos, at pakikitungo sa kapwa.

### Ikalawang Anghel: Lumabas Mula sa Kalituhan (Apocalipsis 14:8)

**Ano ang mensahe?**

- Nagbabala ang Biblia na maraming relihiyon at makamundong sistema ang naglilihis sa mga tao sa katotohanan ng Diyos.
- Ang "Babilonya" ay kumakatawan sa maling aral, espiritwal na kalituhan, at kompromiso.
- Tinatawag ng Diyos ang Kanyang bayan na lumabas sa Babilonya—iwanan ang anumang bumabaluktot sa Kanyang katotohanan.

**Bakit ito mahalaga?**

- Akala ng maraming tao sila ay sumusunod sila sa Diyos, pero sa totoo'y sumusunod sila sa tradisyon, sa mababaw na pananampalataya o self-made spirituality.
- Itinuturo ng sanlibutan na ang katotohanan ay nakadepende sa tao, pero malinaw ang Salita ng Diyos—iisa lang ang daan tungo sa kaligtasan, si Jesus Cristo (Juan 14:6).

**Paano natin ito maibabahagi?**

- Sa mahinahong paraan, ipakita sa iba kung ano talaga ang sinasabi ng Biblia, at hikayatin silang hanapin ang katotohanan kaysa sa tradisyon.
- Sa pagbabahagi kung paano nagbibigay ng kapayapaan at kaliwanagan ang tunay na relasyon kay Jesus sa gitna ng kalituhan.
- Sa pamamagitan ng pananalangin at pagsuporta sa mga taong nagsisimula nang humakbang palayo sa maling turo.

**Insights**

- Sa 2 Corinto 6:17, sinabi ng Diyos, "Lumabas kayo sa kanila at humiwalay, sabi ng Panginoon."
- Ang pagiging "hiwalay" ay hindi nangangahulugang pag-iwas sa tao, kundi pamumuhay ayon sa ibang pamantayan—ang katotohanan ng Diyos, hindi opinyon ng mundo.

### Ikatlong Anghel: Huling Babala—Manindigan sa Pananampalataya (Apocalipsis 14:9-12)

**Ano ang mensahe?**

- Nagbabala ang ikatlong anghel tungkol sa huling pagsubok ng pananampalataya—panahon kung kailan kailangang pumili ng tao kung susunod sa Diyos o magpapadala sa mga alok ng mundo.
- Ang "halimaw" ay kumakatawan sa sistemang nagpapalaganap ng maling pagsamba at sapilitang kontrol sa relihiyon.
- Ang mga nananatiling tapat ay makikilala sa dalawang bagay:
    - Pagsunod (Pag-iingat) sa mga utos ng Diyos
    - Pananampalataya kay Jesus

**Bakit ito mahalaga?**

- Ang mundo ay lalong nagiging taliwas sa tunay na pananampalataya—pinipilit ang mga tao na ipagpalit ang kanilang paniniwala sa ngalan ng pagkakaisa at pagtanggap.
- Ang mga naninindigan sa pananampalataya ay susbukin, pero nangako ang Diyos na palalakasin sila.

**Paano natin ito maibabahagi?**

- Sa pagpapakita na sulit ang pagiging tapat sa Diyos—na ang Kanyang mga pangako ay mas dakila kaysa sa mga tukso ng mundo.
- Sa pagpapaalala na si Jesus mismo ay nanindigan laban sa tukso at nagtagumpay para sa atin.
- Sa paghikayat sa iba na sumunod sa Diyos, anuman ang maging kapalit.

**Insights**

- Sa Roma 12:2, sinabi ni Pablo, "Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito, Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip."

- Ang pagiging banal ay nangangahulugang pinipili nating mag-isip, kumilos, at mamuhay nang naiiba—hindi ayon sa pamantayan ng mundo, kundi ayon sa katotohanan ng Diyos.

### Panawagan: Handa ka bang maging kakaiba (maging natatangi) para sa Diyos?

- Tinatawag ka ng mundo na makisama, pero tinatawag ka ng Diyos na manindigan para sa Kanya.
- Malapit nang dumating si Jesus! Ngayon ang panahon upang magliwanag para sa Kanya.
- Anong mensahe ang iyong ibinabahagi? Pansamantalang kaaliwan ba o walang hanggang pag-asa?
- Handa ka na bang talikuran ang kalituhan ng mundo at lubos na mamuhay para kay Jesus?